

Mga spinal anesthetic:

mga posibilidad ng panganib at side effect

Tungkol sa mga spinal anesthetic

Ang spinal anesthetic ay isang iniksiyon sa iyong likod. Ginagawa nitong manhid ang ibabang bahagi ng iyong katawan at mananatili kang gising habang isinasagawa ang paraan ng paggamot. Maaari itong gamitin para sa caesarean na panganganak o para sa iba pang operasyon. Maaari rin itong gamitin para pampawi ng kirot pagkatapos ng operasyon.



Sa website ng LabourPains, makakakuha ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga spinal anesthetic para sa panganganak: <https://bit.ly/PainRelief-Labour>.

Maaari kang magbasa ng higit pa tungkol sa mga spinal anesthetic para sa operasyon o pampawi ng kirot pagkatapos ng operasyon dito sa aming website na mababasa sa iba't ibang wika: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

Tungkol sa panganib at mga spinal anesthetic

Walang taong magkatulad at imposibleng malaman kung sino ang magkakaroon ng side effect o posibilidad ng panganib.

Ang pag-alam tungkol sa mga panganib ay makakatulong sa iyo at sa iyong pangkat ng pangangalagang pangkalusugan na pag-usapan ang mga opsyon at gumawa ng mga desisyontungkol sa iyong pangangalaga.

Ang mga posibilidad ng panganib na nakasaad sa polyetong ito ay mga average na mula sa mga pananaliksik na pag-aaral. Maaari mong malaman ang tungkol sa pananaliksik naginamit namin sa aming spinal anesthesia at talaan ng ebidensya ukol sa panganib, at maaari mong tingnan ito sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/spinal-evidence-table.

Posibleng mas mataas o mas mababa ang mga posibilidad ng panganib para sa iyo kumpara sa mga numerong iyon. Kung iyong iniisip ang pagkakaroon ng spinal anesthetic, pag-uusapan ninyo ng iyong anestesista ang mga panganib na mas maaaring mangyari o mas mahalaga para sa iyo.

Dahil walang katiyakan ang panganganak, maaaring kailanganin mong manganak sa pamamagitan ng caesarean na may spinal kahit hindi mo ito napagplanuhan. Ang pagbabasa ng polyetong ito at ng iba pa sa website ng LabourPains ay makakatulong sa iyo upang maghanda para sa hindi inaasahan at pag-isipan ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka.

Pinatataas ba ng spinal anesthetics ang panganib ng mga komplikasyon habang nanganganak at pagkatapos ng panganganak?

Ayon sa pinakabagong ebidensya, ang mga spinal anesthetic ay:

- **hindi** nagdudulot ng pananakit ng likod pagkatapos ng panganganak
- **hindi** pinapaantok ang iyong sanggol o nagdudulot ng pangmatagalang pinsala sa kaniya.

Anong mangyayari kung hindi gumana ang spinal anesthetic?

Karamihan sa mga spinal anesthetic ay gumagana nang maayos. Karaniwan na tumatagal ng mga 10 minuto bago gumana. Gagawa ng mga pagsusuri ang mga anestesista upang matiyak na gumagana nang maayos ang iyong spinal para sa operasyon. Kung hindi ito gumagana, maaari nilang:

- kailangang ulitin ang spinal na iniksiyon o itanong kung gusto mo ng epidural
- imungkahi ang ibang uri ng gamot na anestetiko, gaya ng pangkalahatang anestetiko.

Sa 100 tao na nagkaroon ng spinal anesthetic para sa caesarean na panganganak



5 ang nangailangan ng karagdagang pampawi ng kirot

95 ang hindi nangailangan



2 ang nangailangan ng pangkalahatang anestetiko


98 ang hindi

Mga panganib at side effect na kaugnay ng mga spinal anesthetic

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 100 taong nabigyan ng spinal.



Ano ang nangyari?	Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 100 tao (isang daang tao)
	Sakit ng ulo (sakit ng ulo dulot ng dural puncture) Maaari itong mangyari sa pagitan ng isang araw at isang linggo pagkatapos ng spinal anesthetic. Puwedeng hindi gaanong masakit ito at gumaling ito sa loob ng ilang araw gamit ang pampawi ng kirot na mabibili kahit walang reseta. Puwede ring malubha ito at kailanganing gamutin ito sa ospital. Makakakuha ka ng higit pang impormasyon tungkol sa sakit ng ulo dulot ng dural puncture sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/headache-spinal-epidural	 0.5–1 ang nakaranas 99–99.5 ang hindi nakaranas
	Panginginig Maaari itong mangyari sa loob ng 2-4 na oras pagkatapos ng spinal anesthetic. Ang panginginig ay karaniwang side effect ng spinal anesthetic. Hindi ito dahil sa ginaw, ngunit maaari kang gumamit ng kumot para mas komportable ka. Humihinto ang panginginig kapag nawala na ang bisa ng spinal anesthetic.	 40–55 ang nakaranas 45–60 ang hindi
	Mababang presyon ng dugo Maaari itong mangyari kaagad at tumagal ng ilang oras, sa sandaling matapos ang spinal anesthetic. Puwede kang makaranas ng masamang pakiramdam, pagkahilo, o pagkaantok nang dahil dito. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para mapabuti ang presyon ng dugo mo.	 Mga 70 ang nakaranas Mga 30 ang hindi
	Masamang pakiramdam (pagduruwal) Maaari itong mangyari kaagad at tumagal ng ilang oras, sa sandaling matapos ang spinal anesthetic. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para sa masamang pakiramdam kung makaranas ka nito.	 Mga 35 ang nakaranas Mga 65 ang hindi

Mg spinal anesthetic: mga panganib at side effect

	Hindi maganda ang pakiramdam (pagsusuka)	Maaari itong mangyari kaagad at tumagal ng ilang oras, sa sandaling matapos ang spinal anesthetic. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para sa masamang pakiramdam kung makaranas ka nito.	 Mga 20 ang nakaranas Mga 80 ang hindi
	Pangangati	Puwedeng mangyari ito agad at kadalasang nawawala ito pagkalipas ng ilang oras. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para maibsan ang pangangati.	 Mga 40 ang nakaranas Mga 60 ang hindi
	Hirap sa pag-ihi	Maaaring hindi mo maramdaman kung kailangan mong pumunta sa banyo pagkatapos ng spinal. Minsan ay inirerekomenda ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan ang urinary catheter, isang manipis na tubo upang maubos ang ihi nang direkta mula sa iyong pantog. Maaaring nakalagay pa rin ito hanggang sa susunod na araw.	

Bihira ang mga posibilidad ng panganib na nasa ibaba.

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 20,000 katao.

Ano ang nangyari?		Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 20,000 tao (dalawampung libong tao)
	Mahina, manhid, o parang tinutusok-tusok na binti, puwit, o paa (pinsala sa nerve)	Pansamantalang pinsala (mga araw o linggo) at karaniwan na kusang gumagaling. Permanenteng pinsala.	Mga 10 ang nakaranas Mga 19,990 ang hindi Humigit-kumulang 1 ang nakaranas Humigit-kumulang 19,999 ang hindi nakaranas
	Pagkawala ng malay o cardiac arrest (kapag huminto ang pagtibok ng puso)	Ang anestesista ay gagamutin ka kaagad at bibigyan ka ng pangkalahatang anestetiko kung mangyari ito.	1-7 ang nakaranas 19,993-19,999 ang hindi

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 50,000 tao.

Ano ang nangyari?		Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 50,000 tao (limampung libong tao)
	Pananakit ng ulo, lagnat, at pagsusuka ang mga sintomas ng meningitis	Ang impeksyong meningitis ay maaaring mangyari ilang araw o linggo pagkatapos ng spinal. Magagamot ito ng antibiotics.	1 ang nakaranas 49,999 ang hindi nakaranas

Mg spinal anesthetic: mga panganib at side effect

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 200,000 tao.

Ano ang nangyari?		Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 200,000 tao (dalawang daang libong tao)
	Impeksyon sa o sa paligid ng gulugod	Nangyayari ito ilang araw o linggo pagkatapos ng spinal. Ginagamot itogamit ang mga antibiotic o kung minsan ay operasyon upang matuyo ang nana.	2 ang nakaranas 199,998 ang hindi nakaranas
	Pamumuo ng dugo sa paligid ng gulugod (vertebral hematoma)	Isa itong malubhang komplikasyon na posibleng mangailangan ng agarang operasyon. Puwede itong magdulot ng pagkaparalisa ng binti kung hindi agad magagamot.	1-2 ang nakaranas 199,998 ang hindi nakaranas

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 500,000.

Ano ang nangyari?		Ilan? Sa bawat 500,000 tao (limang daang libong tao)
	Pagkaparalisa	2 ang nakaranas 499,998 ang hindi nakaranas

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa posibilidad na makatamo ng pinsala sa nerve pagkatapos magpa-epidural o magpa-spinal, sumangguni lang dito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/nd-after-spinal-epidural.

rcoa.ac.uk

patientinformation@rcoa.ac.uk



© 2025 Royal College of Anaesthetists (RCoA)

Puwedeng kopyahin ang impormasyong ito para sa paggawa ng materyal para sa pagbibigay ng impormasyon sa pasyente. Mangyaring sipiin ang pinagkunang akdang ito. Kung nais mong gamitin ang isang bahagi ng impormasyong ito sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga grapiko, branding, larawan, at icon. Makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang impormasyon.